

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

**SPEECH OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE DURING THE
INSPECTION OF THE MATAASNAKAHOY EVACUATION CENTER**

[Delivered in Barangay II, Mataasnakahoy, Batangas | 04 April 2022]

Kindly sit down. Salamat po.

Human Settlements and Urban Development Secretary Eduardo Del Rosario — ma-segue ko lang si Secretary del Rosario ay dating military man, general. Earlier in his career na-assign siya sa Davao, then eventually as the Task Force Davao. Siya `yung — [*Mag-Tagalog ako.*] — siya `yung binigyan ko ng responsibility sa all housing projects across the country.

And gusto ko lang malaman rin ninyo na marami ito `yung mga bahay na — pero sa in places where there is enough space, mga bahay na sa Davao kasi malaki, pero ito all over. As a matter of fact, at any given time, itong mga komunista, maawa sana ang Diyos sa kanila na malagyan ng kaunting pag-iisip na... Alam mo if you continue to wage war against government for 53 years, it is plain stupidity.

Eh sabi ko sa kanila kung mag-surrender kayo may bahay. Wala namang pinapatay na surrenderee. It's always in a — maano ko lang. So si Secretary del Rosario has been with me in Davao City first [*75th Battalion ba 'yun?*] 73rd tapos naging Task Force commander. Siya rin `yung kinuha ko halos lahat man. There are about 12 former military generals at puro bright at marami sila — it's about 12. [*Twelve kayo 'no mga military nasa Cabinet?*] Not because gusto kong magpalakas, wala naman `yan silang trabaho.

Except that ang military kasi `pag sinabi mong "gawain mo `yan" at ganoon pagkagawa at anong itsura, I want you to picture before and after. So nagawa ni Ed `yan sa maraming lugar sa Pilipinas. In Davao I think we have 1,000 housing for the both the military — magkahiwalay na lugar — at ang mga surrenderees in all over the country.

Kung may nakikinig man na komunista dito, pag-isipan ninyong mabuti because isang bullet na putok — that's about 30, 35 pesos. 'Pag nagka-prrrttt 'yun ang P35 na lumalabas sa buka ng baril. Ganoon rin ang NPA. Eh kung hindi — eh saan man nila kinuha 'yung bala nila? Eh 'di 'yung mga sundalo ko ina-ambush nila. But ang ano nito sayang 'yung pera.

But pardon me if I — mag-seque ako kasi sayang 'yung pera na makipaggyera ako sa kapwa ko Pilipino, eh kung huminto na lang sana kayo diyan eh 'di... Iyang isang putok 35 ilan 'yan kung magkagiya araw-araw all throughout the Philippines? So that's a sad factual statement and I just hope na I tried but that would be another story.

Senator Bong Go; Batangas 3rd District Congresswoman Ma. Theresa "Maitet" Collantes; Batangas Governor Hermilando Dodo Mandanas, sir; Batangas Vice Mayor Jose Antonio "Mark" Leviste II; Mataasnakahoy Municipal Mayor Janet Ilagan, ma'am maraming Ilagan sa Davao. There's a large community of Batangueño, mga early settlers 'yan sila, puro mga negosyante.

As a matter of fact, ang father-in-law ni Inday — hindi tatay pala talaga ni — ang nanay ni ano parang ang mother-in-law niya si anak ni Judge Reyes. Nakalimutan ko na kung anong munisipyo. Ang anak ko Batangueño pero sa awa ng Diyos ang husband niya taga-Paoay, Ilocano.

Alitagtag Municipal Mayor Edilberto Ponggos, sir si — nandito ho siya? Si Justice Ilaog classmate ko kaya siya dumating diyan sa ngayon. Maraming pinagdaanan rin 'yan he was my... As a matter of fact, kung magkita kayo sabihin mo kami 'yung unang nagsuntukan. *[laughter]* Alam mo 'yung buang na Ilaog na 'yun galit siya sa mga Bisaya. Eh tatatlo kaming mga Bisaya, 'yung dalawa mga valedictorian pa noong pre-law nila. Ako 75 lang. Everytime sabi niya isang Batangueño rin. Sabi niya "*nandito na ang mga Bisaya, nag-landing na.*" Eh hindi ko naman siya kilala, eh umihi siya nakatalikod, eh talagang nilubluban kami diyan sa — 'yung Justice Ilaog na 'yan. Pero ewan ko mabait na siguro ngayon. *[laughter]*

Alam mo kung bakit malaman mo mabait ang tao? Asawa. 'Pag matapang ang asawa, wala. Either maghiwalay 'yan o talagang narendahan ng asawa. 'Pag hindi kaya hindi niya matiis, aalis 'yan. Pero kung may mga anak na mahirap na ang buhay para sa isang lalaki. Sta. Teresita Municipal Mayor Norberto Segunial Jr., sir, magandang hapon po; Sta. Teresita Municipal Vice

Mayor Ma. Aurea Segunial — hanggang kailan ito, ma'am? Magpalit-palitan lang kayo? *[laughter]*

You know ako ayaw ko man. In the sense na if it were an another setup or structure mabuti man talaga 'yang iba na naman, dapat iba na. Pero kung if we dwell on the present structure crafted in the Constitution, eh wala talagang mangyari. Walang enabling law na lulusot diyan sa Congress. Eh puro mag-asawa 'yan, kundi ang anak, tapos party-list kanya pa. The sad thing ang itong sa ano na nakita ko lang na hindi talaga maganda at mali itong — alam mo na kung sino. Panahon ni Cory 'yang Constitution nila eh. Iyan lang party-list sana para — it was an enabling something law or in the Constitution itself na magkaroon 'yung representation 'yung mga tao, kanya-kanyang ano — exactly like for the common tao at sa mga mahirap. But what followed is something which is really...

Ako pulitiko, ang anak ko tatakbo ng vice mayor, mayor noon. Vice mayor 'yung anak ko, naging acting mayor, 'yung isa congressman. Alam mo ang — ako ayaw ko kasi anak ako ng mahirap. Lahat, lahat ng pumunta ng Mindanao umalis sa bayan nila kasi naghahanap ng greener pasture kagaya ng tatay ko, mahirap man sila doon sa Danao, Cebu City — ah Cebu — Danao City, Cebu Province. Eh hawak nila Durano — Durano family matagal, ilang — about almost 15 decades, after the war, sila na. So pinsan namin because 'yung asawa Duterte. But kami, ang tatay ko nakita niya too constricted ang Danao, maliit lang na lugar 'yun. Kaysa magpatayan — ganoon talaga ang nangyari — magkainitan, sumibat na lang siya, dinala kami doon sa Mindanao. So laking hirap talaga ako.

Ang tatay ko naging pulitiko, naging governor sa isa ang Davao pa noon. Noong namatay — malaki kasi ang Davao noon — ngayon lumabas na 'yung Davao del Norte, del Sur, Oriental, Occidental, 'yang Province of de Oro, 'yung gold mining, Davao City, iyan ang pinaghati-hati na nila.

Pero wala man akong ano diyan sa ngayong setup kasi it's allowed. At alam mo, iwanan ko lang itong — dalawang pages lang po. I can finish this in about one and a half minute then I go home. Eh nakakahiya naman na naghintay kayo dito, 'di kwentuhan ko na lang kayo. Kasi paalis na ako, I'm just — I'm winding up at lahat 'yung nalalaman ko na magandang asal para sa maging presidente sinasabi ko. It's because I want to pass it on to the next generation. Ako wala na, tapos na ako. I am not supporting any candidate except, of course, my daughter. Ako, boboto talaga ako sa anak ko. *[applause]*

Batangueño man 'yan, ang nanay niyan si judge, magkaharap ang bahay namin noon. *[Saan na ba tayo?]* Mataasnakahoy — wala akong nakita. Sabi

ko, sige ako tingin, saan man `yung mataas na kahoy? *[laughter]* Puro bagong tanim lang man ito. *[laughter]* It used to be, ganoon `yan sa naunang panahon. "Ah saan ka magpunta?" "Ah doon `yan sa *Mataasnakahoy.*" Pero wala na `yung mataas, na-log — gi-logging na siguro ninyo, wala na.

Fellow workers in government, mga barangay captains, mga kababayan. Iwanan ko muna `yung — hindi `yun pamulitika. I am not endorsing anybody except, sabi ko, my personal vote should go to my... Pero may ticket ako but this is not a forum for it. Passing lang kasi `yan because we are talking about dynasty.

A good day to all!

Bearing the lessons we have learned from the eruption in January 2020, I directed to establish evacuation centers in the affected local government units like Lipa City, Tanauan, and municipalities of Malvar, Talisay, and Laurel.

After two years, we are finally here, marking the completion of this facility that can house 150 families or 600 individuals during calamities.

Now that we are experiencing challenges brought by the recent eruptions of Taal Volcano, I am confident that the Evacuation Center in Mataasnakahoy will be of great service to our affected kababayans.

I commend the people who have worked hard to complete this center with a strong sense of urgency. This would not have been possible without your passion and dedication — kayong lahat na nagtulong-tulong dito.

In the past months, we have opened a lot of establishments and inaugurated structures that will certainly endure the test of time. We have likewise institutionalized long-term solutions for our kababayans, even without finding a need to politicize our mandate as public servants.

It is during these times that the bayanihan spirit burns even brighter in the hearts of Filipinos. It is when we become heroes for one another, demonstrating the highest form of compassion for our people.

Let us always keep our momentum towards building a better and more resilient nation for everyone.

Now that I am already at the tail end of my term as President, we see how our shared values and vision toward progress and prosperity bear into fruition.

With our strength and solidarity, we can overcome all forms of trials and problems that test our character.

Hindi na ako magpasalamat pa, marami pa akong sabihin. Balik tayo sa pulitika. Itong akin hindi ito pamulitika, 'yung kung ano lang maiwan ko sa inyo, 'yung natutunan ko at dapat ko gustong sabihin sa iyo na wala na ako, prangka-prangka na lang. Hindi natin maano 'yan kasi itong mga barangay captain, ang tao mismo — nagsabi ako noon pag-retire ko pagka-mayor tapos na ako, ayaw ko na, pagod na ako, matanda na rin. Matanda na, matanda talaga. I even walk with a limp kasi sa for the many times na nagsemplang ako sa motor.

Noon medyo masakit-sakit lang pero ngayong matanda na ako naglabasan na talaga. Talagang masakit na. Wala na, hanggang tingin na lang. *[laughter]* Tingin sa motor. *[laughter]* Pero puwede rin 'yung nasa isip ninyo, 'yun ang gusto ko. *[laughter]* Iyon lang.

So gusto ko na ano, gusto ko na... Dumaan ako, dumaan ako. I can even, at this age, I can even see my life in front of me. Nakita ko na ang lahat. So wala na akong — ke PDP ka, TNUP, basta ako nag-iiwan lang ng kung anong maganda.

The Constitution is not really a perfect one. I would not say it is the worst constitution, but we have copied that from America word-for-word halos when we established the Republic in 1947, naging Republic of the Philippines tayo. May constitution tayo noon pero maganda 'yun, but we copied most of the American... Ang problema maraming dinagdag at isa itong party-list.

Now sad to say — wala akong away sa mga mayaman pati sa mga tao na — ang problema hindi nakita, I don't know how bright or how — nasobra siguro pagka-bright nila na hindi nila tinignan what will follow. So ang lumabas ho ngayon ito na, maski sino na lang. Lahat ng mga mayaman, buong Pilipinas, lahat ng mga milyonaryo may party-list, agawan sila ng party-list. Iyong ibang walang party-list, binibili nila.

Tapos sa election because it is controlled by politician — I am not attributing this to anybody — lahat magtingin talaga from the barangay captain, he looks at the mayor, and the mayor looks at the governor, and the governor doon sa Presidente.

Iyan ang nangyari. So `pag election, sila `yung may pera. Sila `yung mananalo. So nakita mo `yung party-list ngayon mga asawa, mga anak. Isang member of Congress mayroon rin siyang party-list. So nandoon `yung asawa niya, probably ang anak niya after this election. Ganoon ang nangyari. Naagaw `yung what was conceived to be a mechanism to give the Filipino — the lowly Filipino na nandiyan sa daan — a voice or voices to be heard in the platform diyan sa halls of Congress.

Wala eh. So ang ngayon wala `yung pobre except the communists kasi sa ibang lugar at lahat naman, kontrolado nila `yung bukid. Takot ang mga tao sa kanila. *[Ma'am, pagka mainit na masyado ilipat na lang ninyo `yung upuan diyan sa... `Pag aabot — pababa nang pababa `yung — kanina sa tuhod lang `yung ilaw ng sun. Ngayon, nasa leeg mo na. Ipag — maya-maya maglipat na lang kayo, ma'am. Ang sunblock nakalimutan.] [laughter]*

Kaya `yung mukha ko nasira sa — nasunog. Hindi ako nagsa-sunblock eh. I play golf but I'm a weekend player, ano lang. Pero `yung kampanya, because uphill man talaga, number four lang ako eh. So the day that I was elected President, number four lang talaga ako sa rating so double time ako. Kaya halos lahat nag-house-to-house ako. Ang hindi ko lang naakyat, ang — `yung volcano kasi natakot ako baka mag-timing mag-erupt wala akong matakbuhan. So ganoon.

Kung magdating lang ang panahon — I'm talking about the young ones, mga mayor, congressman — palitan ninyo ang Constitution. Ang problema kay kung may proposal, ang kabila, "Ah wala kay ganoon, ganoon, ganoon." Eh 'di hindi lulusot sa Congress. It becomes a very unpopular ang dynamics ng...

Pero sa totoo lang, kailangan natin baguhin na ang Constitution. Eh nasa sa inyo `yan. Nag-uusap tayo Pilipino. Wala akong kinakampihan. I'm not endorsing anybody but, sabi ko, if perchance there would be an opportunity for this country to have an — whether a constituent assembly by Congress or constitutional convention.

Itong Constitution na ito is madali maging bilyonaryo in public office, kung ginusto niya. `Yan ang — iyan ang totoo. Grabe ang... Alam — alam naman ng... Iyong iba naman eh talagang straight. Ang problema iyong mga oportunist. Iyon ang payo ko sa inyo.

[Ma'am, nasa — nasa maskara na ang ilaw ng... Tapusin ko na lang, ma'am, kasi nahihya ako sa inyo eh.] [laughter]

I'd like to thank you for inviting me or at least allowing me in your place para nakita ko 'yung maiwan ko sa tao. Ito 'yung isa. Sabi ko nga bakit dito? Sabi ko gusto ba ng mga tao ito? Sabi nila wala tayo because this is the limit sa 14 kilometers? Oo. Iyan pinaka-safe daw ang... Sabagay sino man ang magpunta dito? Wala pa ngayon kasi putoy — parang utot lang kasi pot, pot, pot, wala namang boom! Pero pagdating ng boom niyan, ah dito 'yan papunta.

But at least hindi ka maawa sa kapwa mo tao na mag-tent kagaya ng sa Odette, mga plastic lang na leftover. Kaya pagbalik ko sa ano, sinabi ko sa kanila 'yung mga — anong tawag nun, Ed? Iyong pinabahay ko na ano, pinabili ko para pag-tent lang ng tao? 'Yung trapal. Trapal ba rin sa inyo 'yan?

So doon 'yung mga plastic kaya pagdating ko doon — pagbalik ko, sabi ko doon sa kanila magbili kayo ng trapal at least to shelter for the cold and... Walang bahay, warak eh. Pero ngayon medyo nabuhay kaagad. Marami na namang pumupunta doon puro naka-bikini. Kaya ang mga tao punta doon 'yung sa Boracay, manood. Hindi man maligo 'yan, maniwala kayo. Manood 'yan ng mga babae kasi marami doon magaganda. Buhay na naman. Though parang ano lang but somehow they have survived na bumalik na sa negosyo.

So 'yan lang po ang ma... I'm just explaining to you the rationale of the things that I have... Maligaya ako na tapos na. Para ito sa mga Batangueño. Salamat po. *[applause]*

— END —